

Ayon sa Kataas-taasang hukuman “Mga Banyaga, hindi maaaring tumanggap ng welfare allowance”

Ang hatol na ito ay mabigat para sa mga banyaga na hindi maaaring tumanggap ng welfare allowance sa maraming kadahilanan. Sa kabilang dako, may mga tao na hindi nabibigyan ng welfare allowance at nabubuhay sa badyet na mas mababa sa welfare allowance. Pag-aralan natin ang inyong pamamaraan ng pamumuhay.



Simula 1954, mula sa pananaw ng karapatang pantao ang welfare allowance ay binibigay sa mga banyagang may permanent o status residence, o bilang refugee status, na nahihirapan sa kanilang pamumuhay ayon sa diskresyon ng mga lokal na pamahalaan. Subalit, noong Hulyo, isang babaeng Chinese na permanent resident sa Oita Pref., ay nagsampa ng kaso, “kung ang mga banyagang nakatira sa Japan ay maaaring tumanggap ng welfare allowance ayon sa batas, kung walang ibang paraan para makapamuhay.” Sa kasong ito, sinabi na ang **maaring tumanggap ng welfare allowance ay mga Hapon lamang**. Ayon sa kaso na ito, may mga palagay gaya ng “Paghatol ng Kataas-taasang hukuman ay nagpapakita ng interpretasyon ng batas. Hindi ito kaagad-agad na epektibo sa welfare allowance para sa mga banyaga na sinasala ayon sa diskresyon ng lokal na pamahalaan.” Ang iba ay nagsasabi na “Ang kasalukuyang tulong na binibigay ng lokal na pamahalaan sa mga banyagang nangangailangan ay isang biyaya. Maaaring ito ay matigil depende sa patakaran ng pamahalaan.” Walang makapagsasabi kung hanggang kailan ang welfare allowance para sa mga banyaga sa darating na panahon.

Hindi namin balak na takutin ang mga banyaga, subalit kailangang matuto silang tumayo sa sariling paa. Gaya ng kasabihan, tumingin bago tumalon. Matutong maghanap-buhay hangga’t bata at mag-ipon para sa pagtanda. Ayon pa rin sa isang kasabihan, **maliit man ito pag pinagsama-sama, malaki na din**. Matutong mag-ipon, paunti-unti man ito pagtagal ay dadami rin. Huwag asahan lagi na mayroon tutulong sa anumang suliraning haharapin. Prinsipyo at kaugalian ng mga Hapon ang pagsisikap para sa sariling pamumuhay.

Sa ngayon, may mga tumatanggap ng welfare allowance na hindi nagtrabaho kundi naninigarilyo at umiinom araw-araw. Pumunta dapat sa malapit na Japanese language class at mag-aral para makahanap ng trabaho. Kayo ay tinitingala ng inyong mga anak. Palakihin sila sa maayos at tamang paraan.

Pagpapadala ng bahagi ng welfare allowance sa sariling bansa ay bawal. Ihihinto ang pagtanggap ng welfare allowance. Ang Welfare allowance ay galing sa ating mga buwis. Magtrabaho at magpadala galing sa inyong sahod, kung kinakailangan.

Sakaling may problema, magsadya sa FICEC at humingi ng payo, bago lumaki at lumala ang inyong alalahanin. Sama-sama nating pagtuunan ng pansin ang pag-aayos ng support system para sa mahihirap at nangangailangan.

Pag-uulat ni Ms Nanae Ishi, Director ng Fujimino Intl'l Cultural Exchange Center

Paglabag sa batas ng mga nagbibisikleta ay hihigpitan, sinimulan noong Hunyo

Ang Metropolitan Police Department ay naglahad ng 14 na kaso ng mga delikadong kilos sa pagbibisikleta dahil sa tumataas na bilang ng mga aksidente taun-taon. Kapag nahuli ng 2 o higit pa sa loob ng 3 taon sa paglabag sa mga 14 na kilos na ito, kayo ay kinakailangang pumunta sa isang pagsasanay ukol sa kaligtasan at kung hindi, kayo ay maaring magmula hanggang 50,000 yen. Sumunod at makiisa sa mga tuntunin para makaiwas sa aksidente.



Tanda sa mga naglalakad

■ Tandaan 14 na delikadong kilos sa pagbibisikleta na may kaparusahan

1. Pagbalewala sa traffic lights
2. Lasing na pagmamaneho.
3. Hindi paghinto batay sa ilaw ng trapiko.
4. Paggamit ng bisikleta na may sira ang break at iba pa.
5. Pagkakaroon ng aksidente dahil sa paggamit ng smartphone habang nagbibisikleta
6. Paggamit ng daan na bawal ang mga sasakyan.
7. Paggamit sa daanan ng mga naglalakad.
8. Paggamit ng daan na pinagbabawal ang bisikleta
9. Kung walang daanan para sa mga naglalakad, maliban lamang sa gilid ng daanan ng mga sasakyan, subalit

mabilis ang pagpapatakbo ng bisikleta at nakikipagunahan pa sa mga naglalakad na tao.

10. Sa intersection na walang traffic lights, ang nagbibisikleta ay humarang sa tumatakbong sasakyan sa kaliwang daanan na may prioridad.
11. Sa pagharang sa mga sasakyan na direktso o paliko sa kaliwa, at ang nagbibisikleta ay liliko sa kanan.
12. Sa pagharang sa mga naglalakad sa daan na maaari ang nagbibisikleta.
13. Sa pagtawid sa riles ng tren habang sarado.

Sumali tayo sa paggawa ng corsage!

Mag-ingat sa norovirus, pagkalason sa pagkain!

Ang Norovirus, sanhi ng pagkalason ng pagkain, na madalas mangyari sa taglamig. May mga naiulat na sa iba't ibang lugar ngayong taon. Mag-ingat para makaiwas na mahawaan. Mga sintomas ng norovirus ay pagtatae, pagsusuka, o sakit ng tiyan sa loob ng 1 o 2 araw.

- Para makaiwas, ugaliin ang ilang mga pag-iingat kagaya ng:
 - . Maghugas ng kamay bago magluto, bago kumain at matapos gumamit ng toilet.
 - . Banlian ang mga gamit sa pagluluto.
 - . Lutuin mabuti ang mga pagkain.

- Kailan: Pebrero 25 (Miyerkules), ala 1:00~
- Saan: FICEC
- Kabayaran: 800 yen
- Gamit: diyaryo, gunting

Ang corsage ay nagpapaganda sa damit lalo na sa mga espesyal na okasyon.



Ang ebento ng FICEC salon sa buwan ng Pebrero ay paggawa ng corsage. Matutunan ninyo paano gumawa ng elegante at magandang flower corsage. Maeenganyo kayong magdesign ng inyong original corsage. At siguradong matutuwa kayong gamitin ito sa ivong damit.